

THE DEPARTMENT OF HEALTH CARE ACCESS AND INFORMATION
Programa para sa Pagbabayad ng Utang at Scholarship
Mga Madalas Itanong (FAQ)

Sinasagot ng mga FAQ ang karaniwang itinatanong na iniaangkop sa mga aplikante at grantee. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa, bisitahin ang [Loan Repayments, Scholarships, & Grants - HCAI](#).

Pangkalahatan

1. Ano ang "Grant Guide" at saan ito matatagpuan?

Parehong matatagpuan ng mga aplikante at grantee ang grant guide (gabay sa paggagawad) ng kanilang programa sa webpage ng programa sa pamamagitan ng pagbisita sa page ng [Loan Repayments, Scholarships, & Grants - HCAI](#), at pag-navigate sa programa kung aling grant guide ang gusto mong tingnan. Matatagpuan ang grant guide ng programa sa pamamagitan ng pag-click sa asul na "Grant Guide" button na nasa itaas ng page. Magbibigay ang grant guide ng programa sa pagiging kwalipikado at mga kinakailangan para sa programa.

2. Nakatanggap ba ang lahat ng aplikante ng award?

Sa kasamaang palad, hindi. Mapagkumpitensya ang mga programa ng HCAI, at natatangi ang bawat cycle ng aplikasyon, at ang bilang ng mga aplikanteng binibigyan ng award ay depende sa bilang ng mga kwalipikadong aplikasyon na natanggap, pati na rin ang pagkakaroon ng pondo.

3. Kung nagtatrabaho ako sa isang kwalipikadong pasilidad sa loob na ng ilang taon, maaari ko bang i-backdate ang aking kontrata para maisama ang panahon nang ako ay nagtatrabaho na?

Hindi. Hindi mo maaaring gamitin ang naunang trabaho para paikliin ang iyong service obligation (obligasyon sa serbisyo). Ang petsa ng pagsisimula ng iyong 24 na buwang service obligation ay magsisimula pagkatapos mong mabigyan ng award at tutukuyin ito sa kontrata. Magkakaroon ang lahat ng kontrata na ibinigay bilang award sa panahon ng isang cycle ng pare-parehong petsa ng pagsisimula ng kontrata.

4. Ano ang "Service Obligation"?

Ang ibig sabihin ng "Service Obligation" ay isang programang nakatuon sa pagbabayad ng utang/ scholarship kung saan may kontraktwal na obligasyon ang tatanggap na praktisin ang kanilang propesyon sa isang inapubahang lugar ng pagsasanay o pagpapraktis sa California, sa loob ng isa (1) hanggang tatlong (3) taon, depende sa programa. Mangyaring sumangguni sa webpage ng programa at/o grant guide sa [Loan Repayments, Scholarships, & Grants - HCAI](#).

5. Dapat ko bang gamitin ang aking impormasyon sa trabaho o personal na pakikipag-ugnayan?

Hinihikayat ka ng HCAI na gamitin ang iyong personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan (ibig sabihin, email address, numero ng telepono, at address ng tirahan) kapag kinukumpleto o Ina-update ang iyong "Profile".

6. Paano ko matitiyak na makakatanggap ako ng mga komunikasyon at update mula sa HCAI?

Para matiyak na makakatanggap ka ng mga komunikasyon sa email mula sa HCAI (kabilang ang Funding eApp at DocuSign), mangyaring tiyakin na tingnan ang mga folder na "Spam"/"Trash" ng iyong email, at idagdag ang mga sumusunod na email address sa iyong listahan ng mga naaprubahang nagpapadala:

- no-reply@hcai.ca.gov
- HWDD-LRP@hcai.ca.gov
- HWDD-SCH@hcai.ca.gov
- HPEF-Email@hcai.ca.gov
- esign@oshpd.ca.gov

Pagiging kwalipikado

7. Maaari ba akong magtrabaho sa maraming lugar ng pagsasanay?

Oo. Maaari kang magtrabaho sa maraming site hangga't natutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa iyong programa. Dapat magbigay ang mga aplikante/grantee na mayroong maraming lugar ng pagsasanay ng Employment Verification Form (EVF) para sa bawat lugar. Ang isang lugar ng pagsasanay ay isang natatanging pisikal na lokasyon kung saan nagbibigay ka ng direktang pangangalaga sa pasyente/kliyente. Kung nagtatrabaho ka sa isang employer, ngunit sa dalawang magkaibang pisikal na lokasyon, kakailanganin mong magbigay ng dalawang magkaibang EVF.

8. Anong mga uri ng utang ang kwalipikado para sa isang programa sa pagbabayad ng utang?

Ang mga kwalipikadong pang-edukasyon na utang ay anumang natitirang pang-edukasyon na utang mula sa pamahalaan ng U.S. (pederal, estado, o lokal) at komersyal na utang para sa edukasyon (ibig sabihin, pribado) sa U.S. para sa undergraduate o graduate na edukasyon na nakuha ng aplikante para sa matrikula sa paaralan, iba pang makatwirang gastos sa edukasyon, at makatwirang gastos sa pamumuhay para sa pagsisikap na makamit ang kanilang degree.

Mangyaring sumangguni sa seksyon ng "Pagiging Kwalipikado sa Utang" sa grant guide ng iyong programa sa [Loan Repayments, Scholarships, & Grants - HCAI](#) para sa karagdagang impormasyon.

9. Ano ang Cost of Attendance (COA)?

Ang Cost of Attendance ay isang dokumento na ibinibigay sa panahon ng aplikasyon ng scholarship, ng aplikante mula sa kanilang institusyong pang-edukasyon, na nagbabalangkas sa mga gastos na nauugnay sa pagdalo sa programa sa loob ng isang (1) taon.

10. Anong mga uri ng pang-edukasyon na gastos ang kwalipikado para sa isang scholarship?

Kabilang sa mga pang-edukasyon na gastos na kwalipikadong iulat sa Cost of Attendance ay ang:

- Matrikula at bayarin

- Kwarto sa loob ng campus at board (o allowance sa pabahay at pagkain para sa mga estudyante sa labas ng campus)
- Mga allowance para sa mga libro, supply, transportasyon, bayarin sa utang, at, kung naaangkop, umaasa sa pangangalaga

11. Maaari bang lumahok ang mga grantee sa isa pang programa para sa pagbabayad ng utang o scholarship na may service obligation?

Hindi. Maaari ka lamang magkaroon ng isang (1) service obligation (ibig sabihin, pagbabayad ng utang o scholarship) sa isang pagkakataon, at hindi maaaring magkasabay o mag-overlap ang mga ito. Dapat patunayan ng mga aplikante na hindi sila tumatanggap ng anumang uri ng tulong mula sa ibang programa habang nasa ilalim ng isang kasunduan sa programa ng HCAI. Hindi kwalipikadong mag-apply ang mga aplikanteng kasalukuyang nakikilahok sa ibang programa na hindi makukumpleto ang kanilang service obligation bago magsimula ang petsa ng kasunduan ng grantee sa taon ng aplikasyon. Maaaring kabilang dito ang mga programang inisponsoran ng employer, at/o programa sa lokal, pangrehiyon, at estado.

12. Kung kasalukuyan akong nakikilahok sa National Public Service Loan Forgiveness Program (PSLF), kwalipikado ba ako?

Oo. Kwalipikadong mag-apply ang mga aplikante/grantee na naka-enroll o kasalukuyang naghahabol na matanggal/makansela ang obligasyon sa pagkakautang sa pamamagitan ng PSLF. Hindi itinuturing ang PSLF na isang service obligation. Dapat magbigay ang mga grantee na pinagkalooban ng PSLF ng sumusuportang dokumentasyon mula sa PSLF at sa nagpapautang sa kanila na nagpapakit ng petsa at halaga ng tinanggal/kinanselang obligasyon. Ang mga halaga ng award ay napapailalim sa pagsusuri at pagsasaayos ng HCAI at maaaring magresulta sa isang proration ng award (para sa bahagyang pagtanggal/pagkansela ng obligasyon ng PSLF), kahilingan para sa pag-atras mula sa programa ng HCAI (para sa buong pagtanggal/pagkansela ng obligasyon ng PSLF), at/o pagsasauli ng mga pondo sa HCAI para sa anumang dobleng pondo na natanggap.

13. Kung kasalukuyan akong nakikilahok sa isang plano sa pagbabayad na nakabatay sa kita, kwalipikado ba ako?

Oo, kwalipikadong mag-apply ang mga aplikante/grantee na kasalukuyang nakikilahok sa isang plano sa pagbabayad na nakabatay sa kita.

14. Kailangan bang maging mamamayan ng U.S. ang mga aplikante para makapag-apply?

Hindi kailangang maging mamamayan ng U.S. ang mga aplikante upang makapag-apply. Gayunpaman, dapat silang maging kwalipikado na magtrabaho sa Estados Unidos at ganap na lisensyado (kung kinakailangan) sa California para sa mga tuntunin ng kasunduan sa grantee.

Aplikasyon

15. Kung bibigyan ng award, kailangan ko bang muling mag-apply bawat taon?

Oo. Kinakailangang mag-apply bawat taon ang mga aplikante at hindi dapat magkaroon ng umiiral na service obligation.

16. Ano ang itinuturing na direktang pangangalaga sa pasyente/kliyente?

Ang direktang pangangalaga sa pasyente/kliyente ay ang pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na direktang ibinibigay sa mga indibidwal na ginagamot o pinaghihinalaang may karamdaman sa pisikal o pag-iisip. Kabilang sa direktang pangangalaga ng pasyente/kliyente ang parehong paraan; harapan at telehealth na nakabatay sa pag-iwas na pangangalaga at first-line na pangangasiwa. Kabilang dito ang pagtatasa, paggamot, pagpapayo, mga pamamaraan, pangangalaga sa sarili, edukasyon ng pasyente/kliyente at dokumentasyong may kaugnayan sa mga pagpapatingin ng pasyente/kliyente patungkol sa mga serbisyong pisikal o mental na kalusugan.

17. Gaano katagal ang proseso ng pagsusuri ng aplikasyon?

Sa sandaling magsara ang cycle ng aplikasyon, masusing susuriin ang lahat ng aplikasyon upang matiyak na kasama ang lahat ng kinakailangang impormasyon at dokumento. Mangyaring sumangguni sa seksyon ng “Mahahalagang Petsa” ng grant guide ng iyong programa sa [Loan Repayments, Scholarships, & Grants - HCAI](#).

18. Ano ang mga karaniwang dahilan para maituring na hindi kwalipikado ang isang aplikasyon?

- Ang kinakailangang dokumentasyon ay **hindi**:
 - Nakumpleto
 - Isang opisyal na form ng HCAI
 - Isang tinatanggap na format ng file (ibig sabihin, .jpg, .doc, .docx, at .pdf)
 - Nilagdaan ng mga kinakailangang partido
 - Nagbibigay ng kinakailangang dami ng oras para sa direktang pangangalaga ng pasyente/kliyente
 - Isinumite sa pagsapit ng takdang panahon ng cycle ng aplikasyon
- Hindi kwalipikado ang lugar ng pagsasanay para sa programa
- Utang ng estudyante na hindi kwalipikado para sa pag-utang
- Kulang ang kinakailangang propesyonal na lisensya/rehistro/sertipikasyon upang mag-praktis ng iyong propesyon

19. Ano ang ilang karaniwang dahilan para hindi mabigyan ng award ang isang aplikasyon?

- Hindi sapat na pagpopondo
- Hindi natutugunan o naabot ang pamantayan sa pagmamarka

20. Maaari ba akong humiling ng palugit para maihain ang aking aplikasyon kung hindi ko makuha ang lahat ng kinakailangang dokumento bago ang takdang panahon?

Hindi. Dapat isumite ang lahat ng dokumento sa takdang petsa ng aplikasyon.
WALANG EKSEPSIYON.

21. Kailangan bang maging bilingual (nakakapagsalita ng dalawang wika) upang makapag-apply sa programa para sa pagbabayad ng utang/scholarship?

Hindi. Hindi mo kailangang maging bilingual upang makapag-apply sa programa para sa pagbabayad ng utang/scholarship.

22. Kung hindi ako nabigyan ng award sa cycle ng aplikasyong ito, maaari ba akong mag-apply para sa susunod na bukas na mga cycle ng aplikasyon?

Oo. Hinihikayat namin ang lahat ng kwalipikadong aplikante na muling mag-apply kung hindi sila nabigyan ng award noong nakaraang taon/cycle.

23. Kung HINDI ako mapili bilang tatanggap para sa pagbabayad ng utang/scholarship at muli akong mag-apply, kailangan ko bang muling isumite ang aking buong aplikasyon, o maaari bang gamiting muli ang materyales na naisumite ko na?

Dapat muling isumite ng mga aplikante ang isang kumpletong pakete ng aplikasyon sa tuwing magsusumite sila ng aplikasyon. Hindi namin muling ginagamit o ibinabalik ang anumang dokumentasyong naisumite na dati.

Award

24. Paano ko malalaman kung nabigyan ako ng award?

Kokontakin ang lahat ng aplikante na nabigyan ng award **sa pamamagitan ng email mula sa [no- reply@hcai.ca.gov](mailto:no-reply@hcai.ca.gov)** na mayroong opisyal na abiso ng award. Susundan ito ng isang hiwalay na email mula sa DocuSign (esign@hcai.ca.gov) na naglalaman ng kanilang opisyal na kasunduan sa grant para sa pagsusuri, pagkumpleto at paglagda sa loob ng 14 na araw pagbibigay ng abiso ng award. Magkakaroon ang mga aplikante ng pitong (7) araw para tanggapin at lagdaan ang kanilang kasunduan o tanggihan ang kanilang kontrata sa pamamagitan ng DocuSign.

25. Kung bibigyan ng award, kailangan ko bang manatili sa aking kasalukuyang employer para sa tagal o panahon ng aking service obligation?

Hindi, maaaring magpalit ng employer ang mga grantee. Gayunpaman, dapat ipaalam ng mga grantee sa HCAI ang mga pagbabago sa pagtatrabaho at patuloy na tugunan ang mga tuntunin ng kanilang kontrata. Kinakailangang kontratahin ng mga grantee ang kanilang Program Officer para i-verify ang pagiging kwalipikado sa trabaho at magsumite ng bagong Employment Verification Form (EVF) para sa bawat bagong employer. Dapat maabisuhan ang mga kawani ng HCAI sa loob ng 30 araw tungkol sa anumang pagbabago sa trabaho. Maaaring kabilang sa mga dahilan ang pagbabago sa lugar ng trabaho, mga tungkulin, o oras.

26. Kung mapipili para sa isang award, direktang ibabayad ba ang mga pondo sa aking loan provider?

Hindi, direktang ibibigay ang mga pondo sa mga grantee sa pamamagitan ng ipinadalang papel na tseke sa koreo, sa address ng padadalhan na nasa file sa seksyon ng "Profile" ng kanilang [HCAI Funding eApp Portal](#). **Hindi available ang direktang deposito.**

27. Kung direktang ibinayad sa akin ang mga pondo, mananagot ba ako sa mga buwis?

Hindi nagbibigay ang HCAI ng payo sa buwis at hindi maaaring ituring ang seksyong ito bilang payo sa buwis mula sa HCAI. Ang Grantee ay dapat humingi ng payo mula sa isang independiyenteng consultant sa buwis patungkol sa (mga) implikasyon sa pananalapi ng anumang pondong natanggap mula sa HCAI. Hindi

nagbabawas ng mga buwis ang HCAI mula sa ibinabayad sa mga Grantee.

Maaaring hindi kasama ang mga pagbabayad na ginawa sa ilalim ng ilang State Loan Repayment Program sa mga pederal na buwis sa ilalim ng 26 U.S.C. § 108(f)(4):

“Sa kaso ng isang indibidwal, hindi dapat kasama sa kabuuang kita ng anumang halagang natanggap sa ilalim ng seksyon 338B(g) ng Batas sa Serbisyon Pangkalusugan ng Publiko (Public Health Service Act), sa ilalim ng programa ng Estado na inilarawan sa seksyon 338I ng naturang Batas (na pinagtibay ng Pub L. 108-357, § 320(a) noong 2004), o sa ilalim ng anumang iba pang programa para sa pagbabayad ng utang ng Estado o pagtanggap o pagkansela ng obligasyon sa pautang na nilalayan upang magkaloob ng mas mataas na availability ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga lugar na kulang sa serbisyo o kakulangan ng propesyonal sa kalusugan (ayon sa tinutukoy ng naturang Estado).

28. Ano ang Ulat Tungkol sa Progreso?

Ang layunin ng ulat tungkol sa progreso ay upang kumpirmahin na sumusunod ang grantee sa mga tuntunin ng kanilang kasunduan at ginagawa ang kinakailangang bilang o dami ng oras para sa direktang pangangalaga ng pasyente/kliyente. May mga ulat tungkol sa progreso ang bawat programa na dapat kumpletuhin ng isang grantee sa kabuuan ng kanilang service obligation. Ang dami/bilang ng mga ulat tungkol sa progreso ay mag-iiba-iba batay sa programa. Mangyaring sumangguni sa grant guide ng iyong programa para sa (mga) takdang petsa ng ulat tungkol sa progreso at/o sumangguni sa tab ng “Mga Pagbabayad/Deliverable” sa iyong Funding eApp account.

29. Paano ko maa-access at maisusumite ang aking Ulat Tungkol sa Progreso?

Makatanggap ang mga grantee ng email kapag available na ang kanilang ulat tungkol sa progreso mula sa HCAI eApp (no-reply@hcai.ca.gov). Ang mga grantee ay makakapag-click sa link sa notipikasyon at/o makakapag-navigate sa kanilang profile rito sa [HCAI Funding eApp Portal](#). Sa sandaling makumpleto at malagdaan ang ulat tungkol sa progreso, magla-log in muli ang grantee sa kanilang account para mai-upload ang ulat tungkol sa progreso at maisumite ito.

30. Kung bibigyan ng award para sa isang pagbabayad sa pautang, kailan ko matatanggap ang aking award?

Ang mga pagbabayad ay gagawin bilang arrears, pagkatapos ng bawat isang taon ng serbisyo. Nakasalalay ang pagbabayad sa pagtanggap at pag-apruba ng mga ulat tungkol sa progreso. Kapag naaprubahan ang mga ulat tungkol sa progreso, ipinapadala ang isang kahilingan ng mga pondo sa accounting ng HCAI para sa pagproseso ng pagbabayad. Maaaring tumagal ang buong proseso nang hanggang 8-10 linggo mula sa petsa ng pag-apruba ng HCAI sa ulat tungkol sa progreso hanggang sa pag-iisyu ng bayad State Controller’s Office (SCO).

Kung kailangan ng mga pagwawasto o karagdagang dokumentasyon, makikipag-ugnayan sa iyo ang mga kawani ng HCAI. Kapag natanggap na ng grantee ang tseke, responsibilidad nilang ideposito ang bayad sa kanilang bank account at mag-isyu ng bayad sa kanilang inutangan.

31. Kung bibigyan ng award para sa isang scholarship, kailan ko ito matatanggap?

Ang mga pagbabayad ay gagawin nang maaga, sa pagpapatupad ng kontrata ng grantee. Sa panahon ng pagpapatupad ng kontrata, ipinapadala ang isang kahilingan ng mga pondo sa accounting ng HCAI para sa pagproseso ng pagbabayad. Maaaring tumagal ang buong proseso nang hanggang 8-10 linggo mula sa petsa ng pag-apruba ng HCAI sa ulat tungkol sa progreso hanggang sa pag-iisyu ng bayad State Controller's Office (SCO).

Kung kailangan ng mga pagwawasto o karagdagang dokumentasyon, makikipag-ugnayan sa iyo ang mga kawani ng HCAI. Kapag natanggap na ng grantee ang tseke, responsibilidad nilang ideposito ang bayad sa kanilang bank account at mag-isyu ng bayad sa kanilang inutangan.

32. Kailangan ko bang ipakita na ibinayad ko na sa aking pang-edukasyon na utang ang lahat ng bayad na natanggap mula sa HCAI, at/o kailangan ko bang ibayad nang sabay-sabay ang lahat ng pondong natatanggap ko, o maaari ko ba itong gamitin upang gumawa ng buwanang pagbabayad?

May karapatan ang HCAI (kapag hiniling) na hilingin sa mga grantee na magbigay ng patunay, kung saan ginamit ang lahat ng natanggap na pondo upang bayaran ang kwalipikadong utang para sa edukasyon, at ang mga grantee ay dapat na patuloy na gumawa ng kanilang mga pana-panahong pagbabayad sa lahat ng hindi pa nababayaranang utang, o sumunod sa mga kasunduan na ginawa sa iyong inutangan. Maaaring ibayad ng grantee ang lahat ng pondo nang sabay-sabay, o gumawa ng buwanang pagbabayad, hangga't ang buong halaga ng award ay ginagamit at ibinayad lamang sa kanilang natitirang utang sa edukasyon.

33. Ano ang mangyayari kung hindi matutupad ng isang grantee ang mga tuntunin ng kanilang kontraktwal na obligasyon at hindi makumpleto ang kanilang service obligation?

Maaaring ipagpalagay na lumabag ang mga grantee sa kanilang kontrata kung hindi sila makakasunod sa mga tuntunin ng kanilang kasunduan at hindi magiging kwalipikadong mag-apply sa anumang programa ng HCAI sa hinaharap. Mangyaring sumangguni sa Seksyon G: Paglabag sa iyong kasunduan sa grant para sa karagdagang impormasyon.